# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Enero, 2025

**PORMAL NANG ITINAWAG NG BOARD NG MGA SUPERBISOR ANG ESPESYAL NA ELEKSYON PARA SA UNANG DISTRITO**

Opisyal na sinabi ng Board ng mga Superbisor noong Martes at tinawag na espesyal na primaryang eleksyon ang Ika-8 ng Abril para sa Unang Superbisoryal na Distrito. Ang mga botante sa Distrito 1 ang magpupunan ng superbisoryal na puwesto na naging bakante nang tapusin ng dating superbisor ang kanyang panunungkulan noong Ika-6 ng Enero.

Halos 376,000 na mga botante na naninirahan sa Distrito 1 ang makakatanggap ng balota sa koreo sa linggo ng Ika-10 ng Marso para sa eleksyon. Ang opisyal na pakete ng balota ay maglalaman din ng isang “Bumoto Ako” na sticker, mga instruksyon sa pagboto at iba pang mahahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon.

Ang taong ibinoto ay siyang uupo sa bakanteng puwesto ng Distrito 1 para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2029. Kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayoryang boto sa Ika-8 ng Abril na eleksyon, ang nangungunang dalawang makakakuha-ng-pinakamaraming-boto ay magpapatuloy sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo, 2025. Tanging ang mga nakatira lamang sa loob ng distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean sa kanluran (west), hanggang sa kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa Unang Superbisoryal na Distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, tulad ng Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Bukod pa rito, kasama sa Distrito 1 ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

Kung hindi kayo sigurado kung nakatira kayo sa Distrito 1, maaari ninyo itong hanapin sa sdvote.com.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-10 ng Marso sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang mga oras ng operasyon ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Subalit, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na gamiting mabuti ang benepisyo ng kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Enero, 2025

Maaari kayong bumoto mula sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang sa 26 na opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito simula Martes, Ika-11 ng Marso hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, maiiwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng mabuting paggamit sa benepisyo ng maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-29 ng Marso, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa araw ng Eleksyon, Martes, Ika-8 ng Abril, kung saan 13 mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na primaryang eleksyon ng Distrito 1 sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101